



Republic of the Philippines
PROVINCE OF NUEVA ECIA
Municipality of Gabaldon
-oOo-

OFFICE OF THE MUNICIPAL MAYOR
gabnecija_50@yahoo.com

EXECUTIVE ORDER Blg. 07 Serye 2020
PANUNTUNAN LABAN SA COVID-19 SA BAYAN NG GABALDON, NUEVA ECIA

SAPAGKAT, isinasaad sa Sekyon 15, Artikulo 2 ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas at Seksyon 16, ng Local Government Code of 1991 ang pag-bibigay ng kapangyarihan sa lahat ng Gobyernong Lokal sa pagsusulong ng kalusugan at kaligtasan ng mga mamamayan sa kanyang nasasakupan;

SAPAGKAT, ang Pangulo ng Pilipinas Rodrigo Roa Duterte ay naglabas ng Proklamasyon Bilang 922, noong Marso 8, 2020, hinggil sa pagsasailalim ng buong bansa sa "State of Public Health Emergency" at sinundan ng Declaration of State of Calamity ng buong Pilipinas sa bisa ng Proklamasyon Blg. 929 petsa, March 16, 2020 upang matuldukan ang pag-laganap ng COVID-19;

SAPAGKAT, ang Kagawaran ng Agrikultura ay nagpalabas ng Memorandum Circular Blg. 7, Petsang March 17, 2020 na may pamagat na "Ensuring Unhindered Movement of All Food and Production Items through Food Lanes;

SAPAGKAT, ang COVID-19 ay isang sakit na sanhi ng Virus na itinuturing na pandaigdigang suliranin na nanga-ngailangan ng sama-samang pagkilos ng lahat ng mamamayan at pamahalaan upang matugunan ang paglaganap ng nakakahawang sakit na ito na may sintomas na sipon, ubo at lagnat na nagdudulot ng malaking problema sa kalusugan at maaaring ikamatay ng sino mang dapuan nito.

SAPAGKAT, alinsunod sa atas ng Seksyon 16 ng Local Government Code ng 1991, tungkulin ng bawat Punong Ehekutibo na pangalagaan at siguraduhin ang kapakanan ng kanyang nasasakupan. Tungkulin ng Punong Ehekutibo na gumawa ng paraang legal upang ang kalusugan at kapakanan ng mamamayan ay masigurong ligtas;

NGAYON SAMAKATUWID, AKO ATTY. JOBBY PETINES EMATA, Punong Bayan ng Gabaldon, Nueva Ecija sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng Konstitusyon at mga Batas ng Republika ng Pilipinas ay aking itinatatagubiling ipatupad ang mga sumusunod;

1. Ang pamimili at pagbibiyahe ng sibuyas palabas ng Gabaldon ay maaaring gawin lamang sa araw ng **Martes, Huwebes, Biyernes at Linggo**;
2. Ang mamimili ng sibuyas ay pinapahintulutan lamang na magsama ng **tatlong katao** sa kanilang pamimili, kasama na sa bilang na ito ang drayber at pahinante;
3. Ang **pagbibiyahe ng gulay palabas sa ating bayan** ay tuwing **Lunes, Miyerkules at Sabado** lamang gayun din ang pamimili at pagpasok nito sa ating bayan;
4. May nakatalagang Wholesale Section sa ating Pamilihing Bayan para sa lahat ng gulay araw-araw. Hinihikayat ang mga nagbibiyahe ng mga gulay na kung kakayanin, ay dito na muna sa ating pamilihing bayan magtinda ng mga gulay sa paraang "wholesale" o "pakyawan" .;
5. Ang lahat ng mamimili ng gulay at sibuyas gayundin ang magbibiyahe nito palabas ng Gabaldon ay kinakailangang kumuha ng Special Travel Permit mula sa ating Pamahalaang Bayan;
6. Iniutos rin na mariing i-observa ang Social Distancing ng lahat ng mamimili at mag-bibiyahe ng sibuyas at gulay;

7. Iniutos rin na palagian silang mag-sanitize ng kanilang sarili gamit ang Alcohol o Hand Sanitizer gayundin ang paggamit ng Protective Face Mask sa lahat ng oras. Ang lahat ng mga sasakyan na papasok sa Bayan ng Gabaldon gayundin ang mga taong papasok dito ay kailangan na “idisinfect” sa hangganan (boundary) ng bayan sa Brgy. Bagting, Gabaldon, Nueva Ecija;
8. Binabawalan din ang mga mamimili ng sibuyas at gulay na maglibot at pumunta kung saan-saang dako ng ating Bayan maliban sa lugar na bibilan nila ng sibuyas.
9. Ang mga mayroong mga transaksyon sa bangko at mga establisyementong padalahan ng pera na gagawin sa labas ng Bayan ng Gabaldon ay papahintulutan lamang sa mga araw ng **Martes at Huwebes** gamit ang kanilang sariling sasakyan.

Papahintulutan sila na makalabas at makabalik ng Bayan ng Gabaldon sa pamamagitan ng special travel permit.

Magkagayun pa man, ang mga transaksyon sa bangko at mga establisyementong padalahan ng pera na gagawin sa mga lugar sa labas ng Gabaldon na mayroong mga positibong kaso na ng COVID-19 ay ituturing na “Person Under Monitoring” (PUM) ay kailangan na mag home quarantine ng 14 na araw alinsunod sa direktiba ng Kagawaran ng Kalusugan;

Mayroong sasakyan ang Pamahalaang Bayan na nagpupunta sa labas ng Gabaldon para sa iba’t ibang pangangailangan. Maaring makipadala, pakipawithdraw o makisakay sa mga sasakyang ito araw araw. Dahil ang mga biyaheng ito ay tinatawag na “point to point” ay hindi na maituturing na PUM ang makikisakay dito.

Batay po sa aming impormasyon ang mga sumusunod ay ang talatakdan ng bawat bangko para sa kanilang operasyon:

LANDBANK-malapit sa SM Mega- Miyerkules, Huwebes at Biyernes 9:00a.m–12:00 noon
 LANDBANK-malapit sa GSIS – Martes at Huwebes 9:00 a.m-12:00 noon
 BPI – Martes, Miyerkules at Biyernes 9:00 a.m – 1:00 p.m
 BDO – araw-araw 9:00 a.m – 1:00 p.m
 SECURITY BANK - araw-araw 9:00 a.m – 1:00 p.m
 UNION BANK - araw-araw 9:00 a.m – 1:00 p.m
 RCBC - araw-araw 9:00 a.m – 1:00 p.m
 METROBANK - araw-araw
 PNB – araw-araw 9:00 a.m – 1:00 p.m

10. Ang pagbili ng mga pangunahing pangangailangan **sa ibang bayan o lungsod** tulad ng gatas, gasul, mga gamit sa pagluluto, pagkain ng mga alagang hayop, at ibang uri ng pagkain sa labas ng Gabaldon, ito man ay patingi tingi (retail) o pakyawan (wholesale) ay papahintulutan tuwing araw ng **Miyerkules at Sabado** lamang.

Subalit ang sinumang mamimili sa ibang bayan na maykaso ng COVID-19 ay ituturing na PUM.

Ang “**PAGPAPADELIVER**” naman ng mga pangunahing bilihan na nabanggit sa itaas sa mga tindahan sa loob o malapit sa pamilihing bayan sa Brgy. South Poblacion ay papahintulutan araw-araw subalit magkakaroon lamang ng isang lugar ng delivery.


Ito ay sa bakanteng lote na matatagpuan sa harap ng pamilihing bayan na malapit sa NFA storage. (Lupang pag aari ni Asec Theodoro M. Gatchalian).

Ang mga tindahan naman na nasa “national highway” na malayo sa pamilihing bayan na magpapadeliver ng kanilang mga paninda mula sa mga ahente o mga malalaking establisyemento sa labas ng Gabaldon ay sa tapat lamang ng kanilang tindahan magbababa ng mga paninda. Hindi na papayagan ang kahit na anong delivery truck ng mga pangunahing bilihan sa loob ng mga barangay na hindi matatagpuan sa kahabaan ng national highway

11. Inaatasan ang lahat ng Punong Barangay na pahintulutan ang mga magsasaka na makapunta sa kanilang bukirin gayundin sa kanilang mga alagang hayop para sa gawaing bukid o pag aalaga ng hayop maliban na lamang kung ang mga ito ay PUM o hindi maganda ang kalusugan.

12. Inaatasan rin ang lahat ng kawani ng Gobyerno maging ito man ay National o Lokal na magsuot ng Protective Face Mask sa loob at labas ng kanilang tanggapan, gayundin ang lahat ng mamamayan maging sa loob at labas ng kanilang tahanan inaatas rin ang pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran at katawan.
13. Ipinagbabawal rin ang pag inom ng nakalalasing na alak sa mga pampublikong lugar na nasasakupan ng Bayang ito.

Pinagtibay ngayong ika-2 ng Abril 2020 dito sa Pamahalaang Bayan ng Gabaldon, Nueva Ecija.



ATTY. JOBBY PETINES EMATA
Punong Lingkod Bayan